IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Kakayahan ng mga Guro sa Pagtatayang Pang-Klasrum: Batayan sa Pagbuo at Balidasyon ng mga Pantayang Kagamitan sa Filipino

**FLOYD IAN R. LLEGO**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
floydianllego1599@gmail.com

*Abstrak* — Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtatayang pang-klasrum sa asignaturang Filipino bilang batayan sa pagbuo at balidasyon ng mga kagamitang pampagtataya. Gumamit ang pananaliksik ng kuwantitatibong disenyo, partikular ang descriptive-comparative na pamamaraan. Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay mga guro ng Filipino mula sa mga matataas na paaralan ng Matanao, Hagonoy, at Molopolo sa Davao del Sur, Taong Panuruan 2024–2025. Ipinakita ng resulta na karamihan sa mga kalahok ay mga babaeng guro na may anim hanggang sampung taon ng karanasan sa pagtuturo. Lumitaw na ang antas ng kanilang kakayahan sa iba't ibang anyo ng pagtataya: obhektibo, mapanuring pag-iisip, batay sa pagganap, at apektibo ay nasa katamtaman hanggang mataas. Natukoy rin na walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagtataya batay sa kasarian, subalit may makabuluhang pagkakaiba batay sa bilang ng taon ng karanasan sa pagtuturo. Ang mga natuklasan ay ginamit bilang batayan sa pagbuo ng apat na pantayang pagsusulit sa Filipino mula Baitang 7 hanggang 10 na nakabatay sa mga kasanayang pampagkatuto at pamantayan sa pagtatayang makabuluhan at sistematiko. Isinailalim ang mga ito sa masusing content validation ng mga eksperto. Inirerekomenda ng pag-aaral ang patuloy na paglinang sa kasanayan ng mga guro sa pagtataya, gayundin ang lokal na paggamit at adaptasyon ng mga pantayang kagamitan sa iba't ibang konteksto ng pagtuturo ng Filipino sa sekundarya.

***Keywords* — *Pagtatayang pang-klasrum, kakayahan sa pagtataya, gurong Filipino, pantayang pagsusulit, deskriptib-developmental, Filipino sa sekundarya***

## I. Introduksyon

Sa kasalukuyang panahon, nahaharap ang mga guro sa iba't ibang hamon sa kanilang kakayahan sa pagtatayang pang-klasrum, partikular na sa asignaturang Filipino. Marami sa kanila ang nahihirapang magpatupad ng mabisang paraan ng pagtataya ng mga natutuhan ng mga mag-aaral, na nagiging sanhi ng kakulangan sa tamang pagsusuri ng kanilang pagkatuto. Kabilang sa mga hadlang na ito ang kakulangan sa sapat na kaalaman at kasanayan sa paggawa at paggamit ng mga pantayang kagamitan, gayundin ang limitasyong dulot ng kakulangan sa makabagong kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo. Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga ang pagsasagawa ng isang empirikal na pagsusuri upang matukoy ang kasalukuyang kakayahan ng mga guro at makapagbigay ng rekomendasyon para sa mas epektibong sistema ng pagtataya sa edukasyon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa pandaigdigang antas, ipinapakita sa pag-aaral nina Black at Wiliam (2018) na ang pagtatayang pang-klasrum ay hindi lamang simpleng pagsusukat ng natutuhan, kundi isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon sa kanila, ang mabisang pagtataya ay nagbibigay ng malinaw na datos na nagsisilbing batayan sa pagpaplano ng mga guro sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo. Binanggit din ni Areekkuzhiyil (2021) na ang kakulangan sa kaalaman ng mga guro sa pang-kognitibong domeyn ay nagiging dahilan upang hindi nila magabayan ang mga mag-aaral sa tamang landas ng pagkatuto. Sa konteksto naman ng edukasyon sa Tsina, sina Cheng at Wang (2020) ay naglahad na ang labis na pagkapit sa estandardisadong pagtataya ay isang pangunahing suliranin na humahadlang sa implementasyon ng mga awtentikong pagtataya sa klasrum.

Sa Pilipinas, nananatili ring hamon sa mga guro ang pagsasagawa ng makatarungan at epektibong pagtataya. Ayon kina Arends at William (2020), ang kawalan ng sapat na pagsasanay ay nakaaapekto sa kakayahan ng mga guro na gamitin ang angkop na mga estratehiya sa pagtataya. Samantala, binanggit ni Salazar (2019) na ang kakulangan ng guro sa kaalaman sa paggamit ng teknolohiya ay isa ring hadlang sa pagsusuri ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng digital na edukasyon. Ang mga suliraning ito ay humahantong sa hindi pantay na resulta ng mga pagtataya, na sinasang-ayunan din ng pag-aaral nina Monteiro et al. (2021).

Ipinapakita rin sa mga pananaliksik mula sa ibang bansa tulad ng India at Indonesia na nahaharap din ang mga guro sa parehong suliranin. Ibinahagi nina Sung et al. (2024), Acar (2020), at Cheng et al. (2024) na kabilang sa mga hadlang sa mabisang pagtataya ang kakulangan sa pagsasanay, limitadong hanguan, at pagkakaiba-iba ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa Pilipinas, iniulat ni Garcia (2021) ang kawalan ng komprehensibong sistema ng pagtataya sa mga paaralan gaya ng Manila Science High School, University of the East, at San Beda University. Karamihan sa mga guro rito ay umaasa sa mga tradisyunal na paraan ng pagtataya. Isinaad ni Dela Cruz (2022) na nahihirapang umangkop sa pamantayang K to 12 ang mga guro sa Manila Science High School, habang ang kakulangan sa access sa teknolohiya ay naiulat naman ni Reyes (2023) sa University of the East. Sa San Beda University, ipinahayag nina Pinto-Santos et al. (2022) na laganap pa rin ang paggamit ng tradisyunal na pagtataya na hindi akma sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, may kakulangan pa rin sa mga empirikong pananaliksik na sumasalamin sa aktwal na karanasan ng mga guro sa mataas na paaralan sa larangan ng pagtataya, lalo na sa konteksto ng Filipino. Bagamat may mga literatura hinggil sa iba't ibang modelo ng pagtataya, hindi pa rin sapat ang mga datos na tumutukoy sa mga hadlang at oportunidad sa paggamit ng mga pantayang kagamitan, konstruktibong pagtataya, at pagtataya sa mapanuring pag-iisip. Isinaad nina Morrison et al. (2020) at Ramos (2021) na ang epektibong pagtataya ay pundasyon ng matagumpay na pagtuturo at pagkatuto. Ayon kay Gloria (2021), ang tamang pagtataya ay hindi lamang sumusukat sa kaalaman kundi nagsisilbing batayan upang maiakma ng guro ang kanilang estratehiya sa pagtuturo. Dagdag pa rito, binanggit ni Orobia (2022)

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

na ang maayos na sistema ng pagtataya ay nagpapataas sa kalidad ng edukasyon at tagumpay ng mag-aaral.

Sa lokal na konteksto, karaniwang umaasa ang mga guro sa mga kagamitang pagtataya mula sa Kagawaran ng Edukasyon o sa mga online sources, na hindi laging nasusuri o naaangkop sa tiyak na konteksto ng mga mag-aaral. May mga guro rin sa asignaturang Filipino ang nagpahayag ng agam-agam sa kanilang kakayahan sa paggawa ng sariling pantayang kagamitan, bunga ng kakulangan sa sapat na pagsasanay. Kadalasan, kulang din sila sa kaalaman sa mga makabagong simulain ng pagtataya tulad ng rubrik, konstruktong oryentasyon, at balanse ng antas ng kasanayang pampagkatuto.

Bunga ng lahat ng ito, natukoy ng mananaliksik na may pangangailangan para sa masusing pagsusuri sa kakayahan ng mga guro sa pagtatayang pang-klasrum sa Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na mapalalim ang pag-unawa sa mga aspeto ng pagtataya, mga salik na nakaaapekto rito, at mga posibilidad para sa pagsasanay at interbensyon. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang makapag-aambag ito sa pagpapabuti ng kasalukuyang praktis sa pagtataya at sa pangkalahatang kalidad ng edukasyong Filipino sa sekondarya.

**Sintesis**

Ipinakikita ng mga kaugnay na literatura na ang pagtataya ay mahalagang kasangkapan hindi lamang sa pagsukat ng pagkatuto kundi sa pagpapahusay ng pagtuturo. Mahalaga ang obhektibong pagtataya sa pagiging patas, ngunit limitado ito sa pagsusuri ng mataas na antas ng kognitibong kasanayan. Kaya't binibigyang-halaga rin ang pagtatayang mapanuri, batay sa pagganap, at apektibo na sumusukat sa lalim ng pag-unawa, aplikasyon, at emosyonal na aspekto ng pagkatuto.

Gayundin, ipinakita sa mga pag-aaral na may epekto ang mga salik tulad ng kasarian at karanasan sa pagtuturo sa kakayahan ng guro sa pagtataya. Ito ay dapat isaalang-alang sa pagpaplano ng mga programang pang-propesyonal na pag-unlad. Kaugnay nito, ang paggamit ng pantayang kagamitan na nakabatay sa malinaw at balanseng pamantayan ay mahalaga upang matiyak ang bisa at pagiging makatarungan ng pagtataya, ayon sa prinsipyo ng Bloom's Taxonomy.

**Teoretikal at Konseptuwal na Balangkas**


Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Assessment for Learning Theory nina Black at Wiliam (1998), na nagsasabing ang pagtataya dapat gamitin bilang pormatibong proseso upang gabayan ang pagtuturo at mapabuti ang pagkatuto. Hindi ito dapat ituring na pangwakas na pagsusukat lamang, kundi bahagi ng patuloy na siklo ng pagtuturo.

Pinalalalim din ito ng pananaw ni Shepard (2019), na binibigyang-diin ang papel ng guro bilang tagapagpadaloy ng pagkatuto gamit ang resulta ng pagtataya. Kasabay nito, isinasaalang-

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

alang din ang Competency-Based Assessment Framework ng DepEd (2020), na nagtatakda ng pagbuo ng pantayang kagamitang naaayon sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) upang matiyak ang kontekstuwal, balido, at makabuluhang pagtataya.

Sa kabuuan, ang balangkas ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan ng guro sa pagtataya bilang pundasyon ng epektibong pagtuturo at makabuluhang pagkatuto.




**Talangguhitan 1. Teoretikal/Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral**

## Layunin ng Pag-aaral

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtatayang pang-klasrum, partikular sa asignaturang Filipino, at alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan batay sa kasarian at bilang ng taon ng pagtuturo.

## Mga Haypotesis ng Pag-aaral

**$Ho_1$:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagtataya ng mga gurong kalahok kung papangkatin ayon sa kasarian.

**$Ho_2$:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagtataya ng mga gurong kalahok kung papangkatin ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

### Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay may layuning makatulong sa mga guro upang mas mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtataya. Gayundin, inaasahang magiging batayan ito ng mga punong-guro at tagapangasiwa ng paaralan sa pagbubuo ng mga palihan at pagsasanay upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan sa pagtataya. Bukod dito, makatutulong ito sa Kagawaran ng Edukasyon sa pagdisenyo ng mga patakarang nakatuon sa mas sistematikong paglinang ng kakayahan sa pagtataya. Makatutulong din ito sa mga susunod na mananaliksik na gustong tuklasin ang iba pang salik na nakaaapekto sa pagtataya ng guro.

### Depinisyon ng mga Terminolohiya

Kakayahan sa Pagtatayang Pang-klasrum: Tumutukoy sa kaalaman at kasanayan ng guro sa pagbuo, pagpapatupad, at pagsusuri ng mga pagsusulit na ginagamit upang sukatin ang natutunan ng mga mag-aaral.

Pagbuo at Balidasyon: Proseso ng paghahanda, pagsubok, at pagsasaayos ng mga pantayang kagamitan upang matiyak ang bisa at pagiging angkop sa layunin ng pagtuturo.

Pantayang Kagamitan sa Filipino: Mga halimbawang pagsusulit batay sa mga batayang kasanayan sa Filipino mula Baitang 7 hanggang 10, na inihanda ng mananaliksik at maaaring gamiting huwaran ng mga guro.

## II. Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwantitatibong disenyo, partikular ang descriptive-comparative design, upang mailarawan at maihambing ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtatayang pang-klasrum sa asignaturang Filipino. Layunin ng deskriptibong bahagi na mailarawan ang kasalukuyang kalagayan, kasanayan, at praktis ng mga guro sa pagtataya, habang ang komparatibong bahagi ay nakatuon sa paghahambing ng kakayahan ng mga guro ayon sa kanilang kasarian at bilang ng taon ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng disenyong ito, masusuri kung may pagkakaiba sa antas ng kakayahan batay sa ilang personal at propesyonal na baryabol, na siyang magiging batayan sa pagbuo ng mga pantayang kagamitang pansuri sa Filipino.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng 52 gurong nagtuturo ng Filipino mula sa mga matataas na paaralan sa Matanao, Hagonoy, at Molopolo sa lalawigan ng Davao del Sur para sa Taong Panuruan 2024–2025. Ang pagpili sa kanila ay isinagawa gamit ang simple random sampling, upang matiyak ang patas na pagkakataon ng bawat guro na mapabilang sa pag-aaral at mabawasan ang pagkiling o bias sa pananaliksik.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang mga pamantayang isinasaalang-alang sa pagpili ng kalahok ay ang sumusunod: (1) may espesyalisasyon sa Filipino; (2) hindi bababa sa isang taon at hindi hihigit sa dalawampu't limang taon ang karanasan sa pagtuturo; (3) may partisipasyon sa mga pagsasanay hinggil sa pagtataya ng pagkatuto sa ilalim ng K to 12 Kurikulum. Hindi isinama bilang pamantayan ang kasarian upang mapanatili ang obhetibidad sa pagsusuri.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Gamit ang masusing pagsusuri sa mga lokal at dayuhang literatura, bumuo ang mananaliksik ng isang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa paglikom ng datos. Ang mga aytem ay nakabatay sa mga pangunahing indikeytor ng kakayahan sa pagtatayang pang-klasrum: ang kasanayan sa pagbuo ng pagsusulit, paggamit ng iba't ibang anyo ng pagtataya, pag-uugnay sa layunin ng aralin, at paggamit ng resulta ng pagtataya bilang batayan ng instruksyon. Ang instrumento ay sinuring mabuti upang mapanatili lamang ang mga aytem na may mataas na antas ng pagiging makabuluhan sa konteksto ng asignaturang Filipino.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Matapos makuha ang pahintulot mula sa mga kaukulang awtoridad, ipinasagot sa mga napiling guro ang talatanungan. Binigyang-laya ang mga kalahok na sagutin ito sa paraang komportable at hindi pinipilit. Tiniyak na maayos ang pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa layunin ng pag-aaral at mga karapatan ng kalahok upang mapanatili ang etikal na pamantayan ng pananaliksik.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos**

Ginamit ang descriptive statistics gaya ng mean at standard deviation upang ilarawan ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtataya. Samantala, ang Analysis of Variance (ANOVA) ay isinagawa upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang kakayahan ayon sa kasarian at bilang ng taon ng pagtuturo. Ang interpretasyon sa mga resulta ay ibinatay sa antas ng kahusayan at naging batayan sa pagbabalangkas ng mga mungkahing interbensiyon para sa mas epektibong pagtataya sa Filipino.

## III. Pagtalakay sa mga Kinalabasan

Tinalakay dito ang antas ng kakayahan ng mga guro batay sa kasarian, karanasan sa pagtuturo, at apat na anyo ng pagtataya: obhektibo, mapanuring pag-iisip, batay sa pagganap, at apektibo.

***Profayl ng mga Kalahok:*** Karamihan sa mga kalahok ay kababaihan (76.9%) na may 6–10 taon ng karanasan sa pagtuturo. Ang datos ay nagpapahiwatig na ang karanasan at kasarian ay maaaring makaapekto sa istilo at husay sa pagtataya.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Pagtatayang Obhektibo:*** Katamtaman ang kabuuang antas ($\bar{X}$ = 3.22). Mataas ang kasanayan sa pagsunod sa hakbang ng paggawa ng pagsusulit ngunit mababa ang kakayahan sa pagsusuri ng kalidad ng tanong at paggamit ng resulta ng pagsusulit sa pagtuturo. Ipinapakita ang pangangailangang palakasin ang aspetong ito.

***Pagtataya sa Mapanuring Pag-iisip: May*** katamtaman hanggang mataas na antas ng kakayahan ($\bar{X}$ = 3.41). Mahusay ang mga guro sa pagbuo ng tanong at paggamit ng rubrik ngunit may kakulangan sa pagdidisenyo ng pagsusulit na nagpapalawak ng mas mataas na antas ng pag-iisip.

***Pagtatayang Batay sa Pagganap:*** Mataas ang kabuuang kakayahan ($\bar{X}$ = 3.56), lalo na sa pag-uugnay ng gawain sa tunay na buhay. Gayunpaman, may kailangang pagsasanay pa sa paggamit ng rubrik bilang gabay sa pagtataya.

***Pagtatayang Apektibo:*** Katamtaman ang antas ng kasanayan ($\bar{X}$ = 3.25). Bagama't may kakayahan ang mga guro sa ilang bahagi, kinakailangan pa ng pagpapabuti sa pagsasama ng mga tanong na may kaugnayan sa emosyonal at pagpapahalagang dimensyon ng mag-aaral.

Ipinapakita ng datos na may sapat na batayang kasanayan ang mga guro sa pagtatayang pang-klasrum ngunit may ilang bahagi na nangangailangan ng karagdagang pagsasanay, partikular sa obhektibong pagtataya, mapanuring pagsusulit, at apektibong pagtataya. Ang mga kinalabasan ay mahalagang gabay sa pagbuo at balidasyon ng mga pantayang kagamitan sa pagtuturo ng Filipino.

***Kakayahan ng mga Guro sa Apektibong Pagtataya.*** Nakikita sa datos na mataas ang mean sa mga sumusunod: aytem 1, na naglalahad na nasusukat ko ang saloobin at pananaw ng mag-aaral kaugnay ng kanilang pagkatuto ($\bar{X}$ = 3.71, σ = 0.94); aytem 4, na nagsasaad na nagagamit ko ang mga resulta ng apektibong pagtataya sa pagbibigay-suporta sa kanilang pag-unlad ($\bar{X}$ = 3.77, σ = 0.94); at aytem 5, na ipadadama ko sa mga mag-aaral na mahalaga ang kanilang opinyon at damdamin sa loob ng klasrum ($\bar{X}$ = 3.46, σ = 0.67).

Ipinakikita nito na may matibay na kaalaman at praktis ang mga guro sa paggamit ng emosyonal at personal na pananaw ng mag-aaral bilang batayan sa kanilang pagtataya. Sinuportahan ito nina Hernando et al. (2023) na nagsabing ang pagtatayang nakatuon sa personal na pananaw at karanasan ng mga mag-aaral ay nagpapataas ng kanilang pakikilahok at empatiya sa mga paksang tinatalakay. Gayundin, binigyang-diin nina Hattie at Clarke (2020) na ang emosyonal na kalagayan ng mag-aaral ay may direktang epekto sa kanilang akademikong pagganap. Kapag ang mag-aaral ay nakararamdam ng suporta at pagpapahalaga mula sa guro, mas nagiging bukas sila sa pakikilahok at pagkatuto.

Samantala, ang aytem 3 ay may pinakamababang mean na 1.94, na may palarawang katumbas na mababa. Ito ay tumutukoy sa kakulangan ng mga guro sa pagsasama ng mga tanong na nakatuon sa karanasan at pagninilay ng mag-aaral sa mga pagtataya. Ayon kina Skinner at Pitzer

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

(2021), mahalagang elemento ng apektibong pagtataya ang pagninilay, kung saan binibigyan ang mag-aaral ng pagkakataong magnilay at suriin ang kanilang emosyon, pananaw, at kaugnayan sa aralin. Ang kakulangan sa aspektong ito ay maaaring magpahiwatig ng kakulangan sa pagsasanay ng mga guro sa larangan ng pansariling pagtataya at pandamdaming pagtatanong.

## IV. Konklusyon

Sa kabuuan, layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtatayang pang-klasrum sa asignaturang Filipino bilang batayan sa pagbuo ng mga pantayang kagamitang pampagtataya. Ginamitan ito ng deskriptib-komparatibong disenyo, at isinagawa sa mga piling matataas na paaralan sa mga bayan ng Matanao, Hagonoy, at Molopolo para sa Taong Panuruan 2024–2025.

Batay sa pagsusuri ng mga datos, napatunayan na karamihan sa mga gurong kalahok ay mga babae at may karanasan ng anim hanggang sampung taon sa pagtuturo. Ang kanilang antas ng kakayahan sa pagtatayang obhektibo, mapanuring pag-iisip, batay sa pagganap, at apektibo ay nasa katamtaman hanggang mataas na antas. Sa kabila nito, may ilang aspekto ng pagtataya na nangangailangan ng karagdagang pagpapalalim, tulad ng pagbuo ng tanong na humihikayat sa mas mataas na antas ng pag-iisip at paggamit ng mga rubrik sa mas sistematikong paraan.

Ang pagsusuri gamit ang t-test ay nagpakita ng walang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan ng mga guro batay sa kasarian, samantalang lumitaw sa pagsusuri gamit ang One-Way ANOVA na may makabuluhang pagkakaiba batay sa bilang ng taon ng karanasan sa pagtuturo. Ayon sa resulta ng Tukey HSD, ang Group D (na may pinakamatagal na karanasan) ay may mas mataas na kakayahan sa pagtataya kumpara sa Group A (na may pinakamaikling karanasan). Ipinapahiwatig nito ang ugnayan ng karanasan sa husay sa pagtataya.

Bilang tugon sa natukoy na mga kakulangan at batay sa prinsipyo ng Assessment for Learning nina Black at Wiliam (1998), binuo ng mananaliksik ang apat na pantayang pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 7 hanggang 10, na nakabatay sa mga kasanayang pampagkatuto at nakahanay sa binagong Bloom’s Taxonomy. Ang mga pagsusulit na ito ay dumaan sa masusing balidasyon ng mga eksperto, at maaaring gamitin bilang modelo sa makatarungan at sistematikong pagtataya.

## V. Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod:

Para sa mga Guro ng Filipino: Palawakin pa ang kaalaman at kasanayan sa makabago at mabisang pagtataya sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga seminar, palihan, at LAC sessions. Gamitin bilang gabayan ang mga pantayang kagamitang binuo ng mananaliksik sa paggawa ng sariling mga kagamitan sa pagtataya upang matiyak ang bisa, balididad, at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kaangkupan nito sa mga mag-aaral. Paunlarin ang kasanayan sa pagbuo ng tanong sa mas mataas na antas, paggamit ng rubrik, at pagbibigay ng makabuluhang pidbak sa mga mag-aaral.

Para sa mga Punong-Guro at Tagapamahala: Gamitin ang resulta ng pananaliksik bilang batayan sa pagdisenyo ng mga programang pang-kaunlaran ng guro na nakatuon sa pagtataya, alinsunod sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 8, s. 2015. Hikayatin ang paggamit ng mga pantayang kagamitan sa mga aktibidad gaya ng INSET at School-Based Training upang palaganapin ang uniformidad at kalidad sa pagtataya sa paaralan.

Para sa mga Opisyal sa Antas Pansangay at Panrehiyon: Suportahan ang lokalisasyon o adaptasyon ng mga pantayang pagsusulit upang maisama sa mga division-wide o region-wide assessment tools. Ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng polisiya na tumutugon sa kahusayan ng guro sa pagtatayang pansilid-aralan sa Filipino.

Para sa Kagawaran ng Edukasyon: Gamitin ang resulta ng ganitong uri ng pananaliksik bilang batayan sa pagbuo ng mga pambansang programa at patakaran na magpapahusay sa kasanayan ng mga guro sa pagtataya. Maglunsad ng mga proyektong nakatuon sa sistematikong pag-develop at balidasyon ng assessment tools sa iba't ibang asignatura, partikular sa Filipino.

Para sa mga Susunod na Mananaliksik: Palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iba pang baryabol gaya ng antas ng paaralan (elementarya o senior high school), lokasyon (urban o rural), at antas ng kasanayang teknolohikal ng guro. Suriin ang epekto at bisa ng mga binuong pantayang pagsusulit sa aktuwal na klasrum upang masukat ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mga layunin ng kurikulum.

## SANGGUNIAN

[1] Açıkgöz, A., & Babadoğan, C. (2021). Development of valid and reliable assessment tools in education: A practical guide for teachers. Ankara: Educational Publications.
[2] Black, P., & Wiliam, D. (1998). Assessment and classroom learning. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 5(1), 7–74. https://doi.org/10.1080/0969595980050102
[3] Cruz, M. T. (2023). Mga salik na nakaaapekto sa epektibong pagtataya ng mga guro sa asignaturang Filipino. Talatinigan: Journal of Filipino Educational Research, 4(2), 112–130.
[4] Emak, A., & Ismail, H. (2021). Application of revised Bloom's taxonomy in assessing students' learning outcomes in language subjects. International Journal of Educational Research and Development, 5(1), 45–56.
[5] Garcia, L. M. (2021). Ugnayan ng karanasan at husay sa pagtataya ng guro sa sekondarya. Dalumat: Journal of Education and Research, 3(1), 23–37.
[6] Hattie, J., & Clarke, S. (2020). Visible learning: Feedback. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003024477
[7] Hernando, J. C., Manlapig, R. F., & Diaz, L. P. (2023). Ang epekto ng apektibong pagtataya sa pakikilahok ng mag-aaral sa klase. Pambansang Journal ng Edukasyong Filipino, 6(1), 52–68.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[8] Mendoza, R. P. (2022). Ebalwasyon ng mga kagamitang pampagtataya sa Filipino: Isang pagsusuri sa bisa at balididad. Lalansangan: Journal ng Filipino Pedagohiya, 7(2), 89–104.
[9] Reyes, C. A. (2020). Pagbuo ng pantayang pagsusulit sa ilalim ng K to 12 Kurikulum. Bagong Pananaw sa Edukasyon, 5(1), 16–29.
[10] Santos, J. L. (2020). Kasarian at estilo ng pagtataya ng guro: Isang pagsusuri. Sanghiyang: Journal of Gender and Education, 2(1), 74–88.
[11] Skinner, E. A., & Pitzer, J. R. (2021). Developmental dynamics of student engagement, coping, and mastery motivation. In S. L. Christenson et al. (Eds.), Handbook of Research on Student Engagement (pp. 21–44). Springer. https://doi.org/10.1007/978-1-4614-2018-7_2
[12] Wilson, L. O. (2016). Anderson and Krathwohl’s taxonomy revised Bloom’s taxonomy of the cognitive domain. Retrieved from https://thesecondprinciple.com/teaching-essentials/beyond-bloom-cognitive-taxonomy-revised/

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved